Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 26 PEBRERO 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG SAN ISIDRO, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 018
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN ISIDRO, ROXAS, SILANGANG MINDORO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, minsan sa isang buwan ay magdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T, ang ikatlong pagpupulong na ito sa barangay ay ginanap sa Barangay San Isidro, Pebrero 26, 1996;

SAPAGKA'T, ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Isidro at ng mga mamamayang naghanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Isidro at ng mga mamamayan nito sa Sangguniang Bayan sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Isidro sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong noong Pebrero 26, 1996.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Casar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Isidro at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Pebrero 26, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Isidro, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Pacifico B. Faina, Punong Barangay, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay:

Pebrero 26, 1996

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

merz/